

# Chapter One



Hindi makagalaw si Cate sa sobrang shock sa sinabi ng kanyang ama. “You want me to do what?” she asked.

Matiim ang tingin ni Mr. Lorenzo Yuson sa bunsong anak. “Puntahan mo si Andrew at kausapin mo siya.”

“Dad, alam mong...”

Tumango ito. “Alam ko, but you need to do this, Caitlin. Nakasalalay rito ang ating kompanya.”

Napatayo si Cate at naglakad patungong bintana.

Sa di-kalayuan, nakikita niya ang garden na pride and joy ng kanyang namayapang ina ngunit hindi niya ma-appreciate ngayon ang ganda niyon. Parang binabarena ang kanyang utak sa suggestion ng kanyang ama.

Alam niya ang sitwasyon ng *ENZO Construction*. After all, doon siya nagtatrabaho bilang accountant. Paubos na ang kanilang cash flow at naka-loan ang lahat ng projects ng kanilang kompanya. Matagal na niyang sinasabi sa ama na over-extended sila pero gaya ng dati, reckless pa rin ito sa paggawa ng mga desisyon. Alam niya rin na ang tanging makapagsasalba sa *ENZO* ay ang government

contract na nai-award sa kanila.

Nag-bid sila at suwerteng napili ngunit ang totoo, wala silang pera para simulan ang proyekto. Tanging ang bahay ang natitira nilang asset pero kahit iyon ay hindi sapat para maging collateral sa bangko sa halagang hinihiram nila.

“I can ask Kuya Daniel for the money,” tukoy niya sa asawa ng kanyang nakatatandang kapatid na si Natalie.

Alam ni Caitlin na mahihirapan siya lalo na at pagod na rin ang bayaw sa kaka-bail out sa biyenang nito, pero mas nanaisin pa niyang lumapit muli kay Daniel kaysa kay Andrew.

Umiling lang si Lorenzo. “He doesn’t have the kind of money we need.”

“What about Raffy? Matagal ka na niyang inaalok ng partnership sa project na ito.”

Umismid ang matandang lalaki. “Kapag natapos ko ito, malaking pera ang papasok sa akin. Bakit ko gugustuhing i-share ’yun sa iba?”

Napapikit na lamang si Cate. Ever since, ganito na talaga ang ugali ng kanyang ama. Mataas ang pride kahit wala sa lugar and, yes, makasarili. Ang mommy niya ang may pera sa pamilya at noong nabubuhay pa ito, kontrolado ang pagiging bulagsak ng ama.

Ngunit pitong taon na ang nakakaraan, na-diagnose ito na may breast cancer. Hindi naagapan

ang sakit ng kanyang ina at three years after ma-diagnose, sumakabilang-buhay ito. Nang hawakan ng daddy niya ang negosyo, pumasok ito sa kabibilang deals na hindi nag-akyat ng pera sa kompanya. Maayos na ang trabaho niya sa isang telecommunications company, pero pinakiusapan siya ng kanyang Ate Natalie na mag-resign at tumulong na lang sa negosyo.

Marahil kung hindi niya sinunod ang kapatid, matagal nang nabangkarote ang ENZO. Ngunit nararamdaman na niyang doon din ang kanilang punta. Hindi lang akalain ni Cate na ang huling barahang itataya ng ama ay ang lalaking hindi niya kayang harapin kailanman.

Nakikiusap ang kanyang tingin nang muling humarap dito. “Dad, please. Go with Raffy. If you want, ako ang lalapit sa kanya. Kahit kausapin ko si Andrew, there’s no guarantee na tutulong siya.”

“You have to try, Caitlin. It’s been seven years, I’m sure nakalimutan na ni Andrew ang nangyari. Besides, isang good investment para sa kanya ang pahiramin tayo ng pera. He’s a businessman, after all. It’s just business.”

*No, it’s not.*

Pero mahirap iyong ipaintindi sa saradong isip ng ama. Nanlulumong napatango na lamang siya. “I’ll try.”

Kailangan niya ng makakausap. Unang sumagi

sa kanyang isip ang Ate Natalie niya ngunit agad din niyang kinalimutan iyon. Maaaring pag-usapan nila ang negosyo o kung anupaman pero paano niya sasabihin dito ang tungkol kay Andrew? Tuwing nababanggit noon ni Cate ang lalaki, lagi na lamang iniiba ng kapatid ang usapan kaya nga tumigil na siya.

Habang binubuksan ang pinto ng kanyang bahay, naalala niya ang ina. Kung nandito lang sana ito, may malalapitan siya.

No. Kung nandito ang mommy niya, hindi sana umabot sa ganito ang lahat.

Studio type ang nire-rentahan niyang condo. Sa laki ng kanilang bahay, puwede na ngang doon siya manirahan pero mas pinili niyang bumukod na lamang. Mahilig mag-entertain ang kanyang daddy at kung kinakailangan, nagsisilbi siyang hostess sa mga parties pero hangga't maaari, mas gusto niya ang tahimik niyang mundo sa kanyang apartment.

Mabilis siyang dinala ng mga paa sa mesita malapit sa bintana. Agad niyang binuksan ang laptop na permanenteng nakapatong doon at nagsimulang magsulat. Maliban sa kanyang mommy at ate, walang nakakaalam na isa rin siyang writer. Accounting ang kinuha niyang kurso dahil hindi maitatago ang galing niya sa numbers ngunit ang tunay niyang *passion* ay pagsusulat. Madalas siya noong nagsa-submit ng mga articles at

short stories at ilang beses na rin siyang na-publish.

Four years ago, ipinadala niya sa isang publishing house ang pilot novel ng isang series na matagal na niyang iniisip gawin. Laking tuwa niya nang magustuhan iyon at alukin siya ng isang book deal na agad niyang tinanggap. And the rest, as they say, is history.

Naging popular ang kanyang mystery/romance series na “*Isla de Santiago*” at binili pa ng isang TV station ang rights niyon. Sinundan niya iyon ng fantasy/adventure series na pang-pre-teen ang target audience, “*The Forest of Cayaban.*” Lahat ng librong ito ay sinulat niya sa ilalim ng pen name na *CJ Gomez*, hango sa initials ng kanyang pangalan—Caitlin Julia—at sa maiden name ng kanyang mommy.

Nasa pangatlong series na siya at ito ang kanya ngayong hinahabi. Mabilis ang tipa ng mga daliri ni Cate, buhay sa kanyang isip ang mga susunod pang eksena. Sa pagsusulat, napupunta siya sa isang lugar kung saan naiintindihan niya ang lahat ng nangyayari. Sa kanyang imahinasyon, sandali niyang nakakalimutan ang mga problemang kinakaharap. Walang daddy, walang *ENZO*.

At higit sa lahat, walang Andrew sa pribado niyang mundo.

Lahat ng extra niyang oras ay ginugugol niya sa harap ng computer. Ang kanyang pangarap ay

makapagsulat nang full-time sa isang lugar kung saan tahimik at maaari siyang malayang makapag-isip ng mga susunod pa niyang istorya.

*Soon*, pangako niya sa sarili.

Malapit na niyang matupad ang kanyang minimithing paraiso.

Kung hindi pa kumalam ang kanyang sikmura, hindi mapapansin ni Cate ang paglalim ng gabi. Isang sulyap sa kanyang relo at napatayo siya.

*Ten o'clock?*

Kaya naman pala nagwawala na ang kanyang tiyan. Matapos i-save ang nobela, nagtungo siya sa kusina at nag-prepare ng simpleng hapunan.

Habang nagdi-dinner, iniisip niya ang paperwork sa opisina. Napabuntong-hininga siya. Kahit anong galing niya sa Math, iyon at iyon din ang lumalabas na kuwenta. Malapit na sila sa *red* at hindi niya alam kung paano pa iyon maiaahon.

Natigilan siya. May dalawang paraan pa: ang sumosyo si Raffy sa kontrata o puntahan niya si Andrew at hingin ang tulong nito. Madali ang unang choice. Ang pangalawa ay isang bangungot para sa kanya.



# Chapter Two



*Seven years ago...*

*S* Kanina pa pinagmamasdan ni Cate ang bisita sa sala. Ngayon niya lamang ito nakita at may kakaiba sa lalaking ito. Kahit nasa mid-20s lang, may assurance ang pagdadala nito sa sarili.

Napapitlag si Cate nang bumaling ang tingin nito sa kinaroroonan niya. Hindi niya maintindihan kung bakit abot-abot ang kabog sa kanyang dibdib sa pagkakatitig nito sa kanya. At nang ngumiti ito, ramdam niya ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi.

*“Cate? Kadarating mo lang?”*

Sa sobrang interes niya sa bisita, hindi na niya napansin ang paglapit ng ina. Mabilis siyang humalik sa pisngi nito. *“Yes, Mommy.”*

*“Halika. Ipapakilala kita kay Andrew.”* Nang akbayan siya ng ina, walang naging choice si Cate kung hindi ang sumunod na lamang.

*“Andrew, this is the baby of the family, Caitlin. Cate, this is Andrew Rodriguez. May sarili siyang construction business at bago natin siyang subcontractor.”*

Hindi maalis ang tingin niya rito. Sa malapitan, mas striking ang mukha ng lalaki. Prominente ang cheekbones, mataas na ilong at mga matang matalas

ang tingin. Ngunit nang ngumiti ito, nabawasan ang pagiging istrikto ng features nito dahil sa malalalim na dimples sa magkabilang pisngi.

“Hi.” Pinagmasdan nito ang suot niyang school uniform. “High school or college?”

Matipid ang kanyang ngiti. “First year college.”

“Magaling sa numero ang bunso ko kaya Accounting ang kurso niya.”

Nakakaunawa itong tumango. “Magaling din po ako sa numero, Ma’am. Pero Engineering ang kinuha ko.”

“Magkakasundo pala kayo. Pareho kayong Math nerds,” natatawang pahayag ni Mrs. Yuson.

Natawa na rin ang lalaki. Parang nabatobalani si Cate sa tunog ng halakhak nito, masaya at walang pagkukunwari. Nang kumindat ito sa kanya, lalo siyang pinamulahan ng mukha at mabilis na humarap sa ina.

“Ma, akyat muna ako.” Hirap siyang mag-isip ng dahilan. “Ah, may assignment nga pala ako, gagawin ko muna.”

Ina si Mrs. Yuson, naiintindihan nito ang rason kung bakit natataranta ang anak at hindi nito masisi ang dalaga. Aminado ang ginang na ma-appeal talaga si Andrew.

“Go ahead.” Mabilis nakalayo ang anak at nangingiting tinawag ito ng ina. Hinintay nitong humarap ang bunso. “Cate, dito magdi-dinner si



Andrew. Be on time, okay?" Hinintay nitong tumango ang anak bago muling humarap sa binata.



Naging palagian nilang bisita si Andrew. Bukod sa madalas nitong pagpunta dahil sa trabaho, lagi rin itong imbitado sa mga parties na madalas gawin sa bahay. Ngunit hindi maalis ang pagka-mahiyain ni Cate kapag nakakaharap niya ang binata. Sa kanilang dalawa ng kanyang ate, siya ang may pagka-introvert at matagal bago siya mag-warm up sa isang tao.

Pero matiyaga si Andrew. Napapansin nito ang kanyang awkwardness at ito ang unang lumalapit sa kanya. Kahit hindi siya masalita nang una, ang lalaki ang laging nag-o-open ng subject na alam nitong interesante sa kanya at hindi naglaon, madalas na silang nag-uusap. Kapag may handaan sa bahay, nag-e-effort talaga si Andrew na pansinin siya at yayaing makihalubilo.

For the first time, tumibok ang kanyang puso para sa isang lalaki. Lagi niyang inaabangan ang pagpunta ni Andrew sa kanila. Hindi maipaliwanag ang sayang kanyang nararamdaman sa tuwing kaharap niya ito at kausap. Bawat ngiti ni Andrew, para na siyang nakaiskor ng pinakamataas na grado. Sa manunulat niyang isip, nakapaghabi na siya ng iba't ibang kuwento tungkol sa kanila at siyempre pa, happy ending ang lahat.

*Kaya nang magpakita ito ng interes sa kanyang ate, parang may pumunit sa kanyang puso. Batid niyang mas magkalapit ang edad ng dalawa pero katuwiran ni Cate sa sarili, matanda lang si Nat ng four years sa kanya. Oo nga at estudyante pa lang siya pero hindi naman hadlang iyon. Marami siyang argumento pero ang malinaw na sitwasyon, ang ate niya ang nagugustuhan ng kanyang first love.*

*Nais niyang magrebelde noong mga panahong iyon pero wala sa karakter niya ang magbigay ng sakit ng ulo sa mga magulang. Gusto niyang sigawan at kumprontahin ang kanyang kapatid at sabihin dito na siya ang mas karapat-dapat sa lalaki pero hindi naman kasalanan ni Nat kung ito ang napupusuan ni Andrew. Sa malikot niyang imahinasyon marami siyang nais gawin para lamang mapasakanya ang lalaking unang inibig pero wala siyang lakas ng loob.*

*Iisang tao lang ang nahihingahan niya ng saloobin ngunit kahit alam niyang naiintindihan siya ng kanyang mommy, wala rin itong magagawa. Hindi mabilang ang araw na hindi siya umiyak lalo na nang sagutin ni Nat si Andrew. Sa kanilang pag-uusap ng ate niya, mas nakabigat sa kanyang loob na para lamang itong napipilitan dahil nga pabor ang kanilang mga magulang sa lalaki. Alam niya na kung siya ang nasa lugar ni Nat, pasasalamatan niya ang Diyos araw-araw na siya ang napili ni Andrew.*

*Sa parte ng lalaki, hindi nabago ang pakikitungo nito sa kanya at lalong masakit para kay Cate ang ginagawang iyon ni Andrew, kung kaya't siya na lamang ang gumawa ng paraan para makaiwas. Ginawa niyang dahilan ang pag-aaral kahit na hindi na nga siya makapag-concentrate sa kanyang studies. Kapag alam niyang bibisita ito sa bahay, nagkukulong siya sa kuwarto o di kaya ay lumalabas kasama ang mga kaibigan. Marahil napansin din nito iyon. Kinalaunan, hinayaan na lamang siya ni Andrew.*

*Ngunit isang araw, tuluyang gumuho ang lahat ng kanyang pag-asa. Sa isang family dinner, special guest si Andrew kaya hindi siya makatanggi. Nang matapos ang kainan, magpapaalam na sana siya pero pinigilan siya ng ina.*

*“Cate, stay.”*

*Hindi niya maintindihan kung bakit parang nakikiusap ang tingin ng ina pero sumunod siya sa mando nito. Sa sulok ng kanyang mata, nakita niyang magkahawak-kamay ang kapatid at ang nobyo.*

*“I would like to make an announcement.” Hindi pa man natatapos ang ina, kinabahan na siya. Dito napako ang kanyang tingin. Sa ilalim ng mesa, mahigpit nitong hinawakan ang kanyang kamay. “Andrew asked your father and I for Natalie’s hand in marriage. Lorenzo and I gave him our blessing.”*

*Parang bomba ang dating kay Cate ng sinabi ng ina. Lalong humigpit ang hawak nito sa kanya.*

*“Hindi lamang kasal ang pinag-uusapan dito. There will be a merger. Ang ENZO ay family firm at sa oras na ikasal sina Nat at Andrew, magiging partners na ang ating kompanya at ang AR Construction.”*

*Napatingin si Cate sa lalaki at nagtama ang kanilang mga mata. Nababasa niya sa mukha nito ang awa para sa kanya at nalaman niya nang mga oras na iyon na hindi lingid kay Andrew ang kanyang nararamdaman. Isa pang bagay ang kanyang natuklasan; kahit ano pang istorya ang kanyang imbentuhin, wala ni isa man sa mga iyon ang magkakatotoo. After all, hindi pag-ibig ang awa.*



# Chapter Three



**M**asusing pinagmasdan ni Cate ang mataas na gusali sa panulukan ng Ayala at Buendia. Kahit pitong taon na mula nang huli silang magkita ni Andrew, sinubaybayan niya ang buhay nito. Alam niya na ang *AR Construction* na pag-aari nito ay isa sa mga top firms sa Southeast Asia. Batid din niya na marami pang ibang negosyo ang lalaki hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa Malaysia at Indonesia.

Three years ago natapos ang pagpapatayo sa building na magiging bahay ng *AR*. Nasa construction business din siya at usap-usapan ang tinatamang success ni Andrew lalo na at thirty-two pa lamang ang edad ito. At kabilang na ito sa listahan ng mga milyonaryo sa bansa.

Hindi paboloso o makinang ang gusali. Sa simpleng linya at design, sinasalamin niyon ang personality ng may-ari. Napailing si Cate.

Ano ba ang nalalaman niya sa buhay ngayon ni Andrew? At gaano na ba kalayo ito ngayon sa lalaking minsan niyang minahal?

Mabigat ang loob na pumasok siya sa building. Halos isang linggo rin niyang inipon ang lakas ng loob na ginamit para tumawag sa opisina nito at

humingi ng appointment. Nabigla pa siya nang papuntahin siya ng assistant nito the next day—*today*.

Sa loob ng elevator, pinagmasdan niya ang sarili sa salamin. Suot ng dalaga ang kaisa-isang suit na pag-aari niya. Kaswal ang attire niya sa trabaho at mas sanay pa siyang naka-maong at T-shirt kapag pumapasok.

Pero mapilit ang Ate Nat niya na mag-corporate attire siya. Ito pa mismo ang bumili para sa kanya. Hindi niya gaanong gusto ang tabas ng suit, lalo na ang palda na napakaikli pero tinawanan lang siya ng kapatid. Sa kulay na pula, litaw raw ang kanyang kaputian at naso-showcase pa ang mahahaba niyang legs.

Nako-conscious na hinapit niya pataas ang jacket. Kung hindi pa siya nagsuot ng pang-ilalim, siguradong nakabuyangyang na ang kanyang dibdib. Maikli na nga ang palda, hapit pa sa katawan ang pang-itaas. Napapikit si Cate. Useless ang kanyang ginagawa, alam niya.

Ipino-focus niya ang sarili sa suot para lamang maiiwas ang kanyang isip sa muli nilang pagkikita ni Andrew.

Nang bumukas ang mga pinto ng elevator sa penthouse, huminga siya nang malalim.

*It's now or never.* Kumunot ang kanyang noo nang mapagmasdan ang paligid. Imbis na

opisina, living room ang nakikita niya. At imbes na receptionist, si Andrew mismo ang sumalubong sa kanya.



“Hello, Cate.”

“Mr. Rodriguez.”

Tumaas lang ang kilay niya sa pormal na bati ng dalaga. “Come now. ’Yan ba ang tamang bati sa isang kaibigan?”

Kahit seryoso ang mukha ni Andrew, naririnig ni Cate ang sarcasm sa sinabi ng kaharap. “Are we friends?”

Nagkibit-balikat lamang si Andrew. “Maybe. We’ll see.”

Masusi niyang pinagmasdan ang babae. “You’ve grown up, Caitlin. I always knew noong bata ka pa how beautiful you were. Hindi ko inaasahan na mas gaganda ka pa.”

And it’s true. Gaano man niya nais na hindi iyon mapansin, isang suntok sa tiyan ang makitang lalo lamang pinatingkad ng panahon ang angking ganda nito. Kahit magkahawig ang magkapatid, noon pa man ay lamang na sa mukha at katawan si Cate kumpara kay Natalie.

Matangkad si Cate kaysa sa karaniwang Filipina at ang dating slim nitong pangangatawan ay nag-mature nang husto. Sa suot nitong fitted jacket at skirt, kitang-kita kung paano nahinog ang katawan

ng babae. Pero sa mukha nito natuon ang kanyang pansin. Dahil may lahing Chinese, porselana ang kutis nito at mala-pusa ang tsinitang mga mata.

Hindi iilang beses na pinagpantasyahan ni Andrew ang mapupulang labi nito at nag-init ang kanyang pakiramdam nang maalala kung gaano kalambot ang mga iyon nang halikan niya. Kasabay ng init, nabuhay muli ang galit sa kanyang dibdib.

Pinamumulahan na si Cate sa matiim na titig ni Andrew ngunit nang tumalas iyon, alam niyang naalala ng lalaki ang huli nilang pagkikita. Walang sabi-sabing tumalikod ito.

“Come in. Sit down.”

Atubiling sumunod siya at agad umupo sa sofa. Hindi siya pinaglalaruan ng paningin. Hindi opisina ang floor na ito kundi isang apartment. Mula sa kinauupuan, kita niya ang kitchen at dining room. May nakasaradong pintuan na sa palagay niya ay bedroom. Naputol ang kanyang pag-oobserba nang magsalita ito.

“Ano’ng gusto mong drinks? Coffee or juice?”

“Juice. Any kind.”

Napailing na lamang si Andrew nang abutin ang bote ng apple juice. Sino ang mag-aakalang naaalala pa niya ang paborito nito? Nagsalin siya sa dalawang baso at ibinaba ang tray sa mesita bago umupo sa harap ng babae.

Katahimikan. Walang sinuman sa kanila ang



nais magsimula ngunit dahil siya ang humiling ng meeting, inabot ni Cate ang dalang briefcase at inilabas ang inihanda niyang papeles. Walang-imik niyang ibinigay iyon sa kaharap.

“What’s this?”

“A proposal. I’m asking you to invest in our company.”

Pinagmasdan ni Andrew ang hawak na folder. Over the years, inalam niya ang sitwasyon ng *ENZO*. Aware siya na close to bankruptcy na ang kompanya at tanging ang government contract na lamang na nakuha ng mga ito ang makapagsasalba sa business.

“A loan?”

“Yes.”

“Why?”

Direkta ang tingin ni Cate. “I think you know why.”

Tumango lamang siya tanda ng pagsang-ayon. “Tell me, Caitlin, ano’ng makukuha ko if I decide to invest my money in your company? Like you said, alam ko ang sitwasyon sa *ENZO*. Kung popondohan ko ang project ninyo, ano’ng assurance ko na babalik ang aking pera? After all, wala nang asset ang daddy mo.”

Mahirap pakinggan ang katotohanan at masakit sa pride na alam ni Andrew na pabagsak na ang kanyang pamilya. Ganunpaman, hindi na iyon ang

mahalaga.

“I wrote down the data on when you’ll be paid and the interest, of course.”

“I don’t doubt na tama ang kuwenta mo. But I doubt your father. He’s not a very reliable man.”

Isa pang katotohanan na hindi kayang idepensa ng dalaga. “Kung bubuksan mo ang folder, I included a list of our assets, personal and business. It states na kung sakaling hindi ka namin mabayaran on the said date, everything will belong to you.”

Napasandal sa sofa si Andrew. Hindi niya kailangang buksan ang hawak para lamang patunayan na tama ang sinabi ni Cate. “At pumayag ang daddy mo?”

“Wala siyang choice. Sa akin iniwan ni Mommy ang bahay, and Nat and I own fifty percent in shares.”

Matiim ang titig niya. “Alam ba ni Natalie ang ginagawa mo?”

Hindi masalubong ni Cate ang tingin ng lalaki. Isang simpleng iling lang ang sagot ng dalaga.

“If I say no, may iba ka pa bang option?”

“I can go to Raffy. Ayaw ni Daddy pero wala siyang magagawa.”

Naningkit ang kanyang mga mata. “Raffy? Rafael Salcedo?”

“Yes.”

Kilala niya ang lalaki. Sa construction, isang mapagkakatiwalaang pangalan ito. Business acquaintances sila ni Raffy pero wala siyang masyadong alam sa personal nitong buhay maliban sa isang bagay: binata pa ito. Hindi alam ni Andrew kung saan nanggaling ang selos na kanyang nararamdaman.

“Ano naman ang kapalit?” May bahid ng galit ang kanyang tanong.

Nalilitong napatingin si Cate sa lalaki. “Kapalit ng alin?”

“Does he get the same deal? Kapareho ba ng proposal mo sa ’kin ang io-offer mo sa kanya?”

“No. Partnership ang gusto ni Raffy.”

Nang-uuyam ang kanyang ngiti. “Right. May asawa na nga pala si Natalie, so ikaw na lang ang natitirang pain.”

Parang sinampal si Cate sa narinig. Mabilis niyang kinuha ang bag at tumayo. “This was a mistake.” Tumalikod na siya para umalis.

“Sit down, Caitlin.”

Parang wala siyang narinig. Tuluy-tuloy siyang naglakad papuntang elevator. Nang sundan siya at hawakan sa braso ni Andrew, galit na nagpumiglas si Cate. “Let me go!”

“No.” Iniharap ni Andrew ang dalaga. Nakikita niya ang galit sa mukha ni Cate ngunit nababasa niya rin ang sakit sa mga mata nito. “I’m sorry. I

was out of line.”

“Bitawan mo ako.”

“No.” Dumako ang kanyang tingin sa mga labi nito. Hindi niya mapigilan ang sarili. Hinawakan niya sa magkabilang pisngi si Cate at ginawa ang kanina pa niya nais gawin pagkakita pa lamang muli rito.

Hindi agad nakakilos si Cate nang dumampi ang bibig ni Andrew sa kanya. Walang bahid ng gentleness sa halik nito. Nabigla man, umangat agad ang kanyang mga kamay para itulak ito ngunit malakas ang lalaki. Isinandal lamang siya sa pader at lalong siniil ang kanyang mga labi.

Ramdam ni Andrew ang pagpupumiglas ni Cate. Sandali siyang tumigil bago muling itinuloy ang ginagawa ngunit may pagbabago. Imbes na patuloy na maging agresibo, naging banayad ang kanyang halik, waring ninanamnam ang kalambutan ng mga labi ng babae.

Natigilan si Caitlin. Ang mga kamay niya na tumututol, ngayon ay humahaplos na sa dibdib ni Andrew. Ang mga labi niya ay nakikipagsabayan na sa bawat galaw ng mga labi nito. Nang lumalim ang halik ng lalaki, bumuka nang kusa ang kanyang bibig upang tanggapin ito.

Mainit, nakakatupok ang paghihinang ng kanilang mga labi. Umakyat ang kanyang mga kamay at humawak sa ulo nito habang gumapang

pababa ang mga kamay ni Andrew patungo sa kanyang likod. Mahigpit ang yakap nila sa isa't isa, kapwa nagnanais na maging isa ang kanilang katawan.

Lunod na lunod na si Cate sa nararamdamang sensasyon. Pamilyar ang haplos at halik ng lalaking ngayon ay kanyang kayakap. May namumuong tensyon sa ibabang bahagi ng kanyang katawan at lalo niyang idiniin ito sa lalaki.

“Andrew...” May himig ng pagsusumamo ang kanyang boses.

Parang binuhusan si Andrew ng malamig na tubig sa narinig. Kahit tumututol ang kanyang buong pagkatao, pinilit niya ang sarili na kumalas mula sa paghihinang ng kanilang mga labi at katawan.

Matagal bago naramdaman ni Cate ang paglipas ng init. Nang dumilat ang kanyang mga mata, natagpuan niyang may distansya na sa pagitan nila ng lalaki at malamig ang titig nito sa kanya. Mabilis napalitan ang pagnanasa ng pagkapahiya. Bumitaw siya sa pagkakayakap dito at napatungo na lamang.

Halu-halong emosyon ang naglalaban-laban kay Andrew sa nangyari sa kanila. Halos pareho lang ang sitwasyon seven years ago at nabubuhay ang galit sa kanyang dibdib kapag naaalala niya ang naganap noon. Ngunit nagre-react pa rin ang kanyang katawan kay Cate at hindi niya

iyon maisasantabi. Mabilis ang kanyang naging desisyon.

“Mag-i-invest ako sa kompanya ninyo.”

Naguguluhang umangat ang tingin ni Cate sa lalaki. “Pardon?”

“I said tutulongan ko ang *ENZO*. On one condition.”

Malakas ang kaba sa dibdib ng dalaga. “Anong kondisyon?”

“Be mine, Cate.”

Hindi agad nakapagsalita si Cate. Nakikita niyang seryoso ito at masama ang kutob niya sa sinasabi ng lalaki. “Ano ang ibig mong sabihin?”

Nagkibit-balikat lamang si Andrew. “Simple. With my help, siguradong maililigtas ang kompanya ng pamilya mo. In exchange, ibibigay mo sa akin ang sarili mo.”

Waring may pumipisil sa kanyang dibdib at nahihirapan si Cate na huminga. Alam niyang hindi ang sasabihin niya ang tinutukoy ni Andrew ngunit nagbaka-sakali pa rin siya. “Marriage?”

Nakakainsulto ang tawa nito. “Of course not.” Tumigas ang anyo ng lalaki. “Muntikan nang mawala ang lahat sa akin seven years ago because of you. I want what you offered to me then. Kung noon free, at least ngayon may bayad na.”

Mabilis ang lagapak ng kamay niya sa mukha nito. “How dare you!”

Mahigpit na hinawakan ni Andrew ang dalaga sa magkabilang balikat. Sa mahinang boses, “Oh, I dare, Caitlin. You owe me and we both know it.” Nababasa niya ang iba’t ibang emosyon sa mukha ng babae. Bukod sa galit, nandoon din ang guilt. “Be my lover at tutulongan ko kayo. And don’t even think of asking Salcedo for help or I swear I’ll destroy him, too. Alam mong kaya ko ’yun.”

Mabilis ang naging daloy ng luha sa mga pisngi ni Cate. “Bakit mo ginagawa ito?”

“Because of this.” Mapusok na hinagkan ni Andrew ang babae at idiniin pa niya ang ibabang bahagi ng kanyang katawan sa kaselanan nito. Agad din siyang tumigil. “You gave me a taste of this before. Nagbayad ako nang malaki for something na hindi ko natikman.” Mapait ang kanyang ngiti. “I may regret this, but I want you, Caitlin. And I’m going to have you.”

“No!” Mabilis na nakapasok si Cate sa elevator. Pinindot niya ang close button. Matalim ang tingin niya sa lalaki. “No way in hell.”

Hindi pinigilan ni Andrew ang dalaga. “Isang linggo, Cate. Give me your answer within a week. Or else.” Nakita niya ang takot sa mukha nito bago tuluyang nagsara ang mga pinto.



Tumawag lang siya sa kanyang Ate Natalie at nagbilin bago siya tumuloy sa kanyang condo at

nag-empake. Sa loob lamang ng isang oras, nasa biyahe na si Cate papuntang Batangas.

Pilit niyang kinokontrol ang emosyon. Kahit parang sasabog na ang kanyang isip sa namagitan sa kanila ni Andrew, inalis niya ito sa utak at ibinuhos ang konsentrasyon sa pagmamaneho. Alam niyang malapit na siyang mag-breakdown at walang ibang lugar na gusto niyang puntahan kundi ang kanyang beach house.

Walang nakakaalam na may nabili siyang property at maging sa kapatid ay itinago niya ito. Nang matanggap niya ang bayad mula sa TV rights ng “*Isla de Santiago*”, agad siyang naghanap ng lupa sa Anilao. Noon pa man, ang ideal place niya ay malapit sa dagat.

Nagkaroon sila ng class outing noong college, dito sila nagpunta. Agad siyang na-in love sa lugar. Bukod sa malapit sa Maynila, hindi gaanong developed ang nasabing parte ng Batangas. Ipinangako ni Cate sa sarili na isang araw ay sa lugar na iyon niya itatayo ang kanyang paraiso.

At natupad niya ito gamit ang kanyang passion sa pagsusulat. Nakabili siya ng lupa na may private beach sa Sitio Pinagkrusan at doon na rin sa lugar na iyon siya nakakuha ng kontratista na nagtayo ng kanyang bahay. Kahit halos walang natira sa kanyang pera, sa loob lamang ng isang taon ay natapos ang kanyang dream house.



Doon siya ngayon pupunta. Dahil tanghali, walang traffic sa highway at makalipas ang mahigit dalawang oras, binabaybay na niya ang daan patungong Anilao.

Ang buong stretch ng dagat ay private, kaya bagaman may mangilan-ngilang bahayan doon, hindi pa rin gaanong matao. Ilang minuto pa at nagpa-park na siya sa likuran ng bahay niya.

One-storey lang ang cottage-style structure na may wrap-around terrace. Bukod sa front door at back door, nagpalagay rin siya ng dalawang sliding doors sa sala at dining room. Aware din siya na kahit tahimik ang lugar, kinakailangan pa ring maging safe kaya nga lahat ng bintana at pinto ay may grills.

Sa kusina na siya dumaan. Dalawang buwan na mula nang huli siyang pumunta kaya't maalikabok na ang bahay, pero puwede niyang ipagpabukas ang paglilinis. Sa ngayon dumerecho na lamang siya sa kanyang kuwarto at pagkababa lamang ng gamit, pagal ang katawan na humiga siya sa kama.

Malayang umagos ang mga luhang kanina pa niya pinipigilan. Sa loob ng pitong taon, pinagsisihan niya nang husto ang kanyang nagawa. Alam niya rin na may karapatang magalit si Andrew sa kanya. Hindi lang niya sukat akalain na sa ganitong paraan gaganti ang lalaki.

*“You owe me.”*

Isa itong katotohanan at hindi maiwasan ang pagbabalik ng mga alaala sa kanya, kung paanong muntikan na niyang sirain ang buhay nito dahil sa kapusukan niya.

